

“I Am He”

By President Jeffrey R. Holland
Acting President of the Quorum of the Twelve Apostles

“Ako Nga”

Ni Pangulong Jeffrey R. Holland
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

October 2024 general conference

Christ’s charity—evident in complete loyalty to divine will—persisted and continues to persist.

Ang pag-ibig ni Cristo sa kapwa—na malinaw na nakikita sa Kanyang lubos na katapatan sa kalooban ng Diyos—ay nanatili at patuloy na nananatili.

It is the Sabbath day, and we have gathered to speak of Christ and Him crucified. I know that my Redeemer lives.

Consider this scene from the last week of Jesus’s mortal life. A multitude had gathered, including Roman soldiers armed with staves and strapped with swords. Led by officers from the chief priests who had torches in hand, this earnest company was not off to conquer a city. Tonight they were looking for only one man, a man not known to carry a weapon, receive military training, or engage in physical combat at any time in His entire life.

As the soldiers approached, Jesus, in an effort to protect His disciples, stepped forth and said, “Whom seek ye?” They replied, “Jesus of Nazareth.” Jesus said, “I am he. ... As soon ... as he had said unto them, I am he, they went backward, and fell to the ground.”

To me, that is one of the most stirring lines in all of scripture. Among other things, it tells me straightforwardly that just being in the presence of the Son of God—the great Jehovah of the Old Testament and Good Shepherd of the New, who bears no weapons of any kind—that just hearing the voice of this Refuge from the Storm, this Prince of Peace, is enough to send antagonists stumbling into retreat, piling them in a jumble, making the whole group wish they had been assigned kitchen duty that night.

Araw ng Sabbath ngayon, at nagtipon tayo upang pag-usapan si Cristo at Siya na ipinako sa krus. Alam ko na buhay ang aking Manunubos.

Isipin ang tagpong ito mula sa huling linggo ng buhay ni Jesus sa lupa. Nagtipon ang maraming tao, kabilang na ang mga kawal na Romano na may dalang mga pamalo at sukbit na mga espada. Sa pangunguna ng mga opisyal mula sa mga punong saserdote na may hawak na mga sulo, ang masugid na grupong ito ay hindinananakop ng isang lungsod. Ngayong gabi ay isang lalaki lamang ang hanap nila, isang lalaking walang dalang sandata, hindi nagsanay sa militar, o lumaban sa digmaan sa tanang buhay Niya.

Nang lumapit ang mga kawal, lumapit kaagad si Jesus sa pagsisikap na protektahan ang Kanyang mga disipulo, at sinabi, “Sino ang inyong hinahanap?” Sumagot sila, “Si Jesus na taga-Nazaret.” Sinabi ni Jesus, “Ako nga. ... Nang sabihin [Niya] sa kanila, ‘Ako nga,’ umurong sila at bumagsak sa lupa.”

Para sa akin, iyan ang isa sa mga pinakamakapupukaw na linya sa buong banal na kasulatan. Bukod sa iba pang mga bagay, tuwiran nitong sinasabi sa akin na ang makapiling lamangang Anak ng Diyos—ang dakilang Jehova ng Lumang Tipan at Mabuting Pastol ng Bago, na walang dalang anumang uri ng sandata—na ang marinig lamang ang tinig ng Kanlungang ito mula sa Bagyo, ang Prinsipeng ito ng Kapayapaan, ay sapat na para mag-atras ang mga kaaway, madapa at madaganan ang isa’t isa, at hilingin

Just a few days earlier, when He had entered the city triumphantly, “all the city was moved,” the scripture says, asking, “Who is this?” I can only imagine that “Who is this?” is the question those muddled soldiers were now asking!

The answer to that question could not have been in His looks, for Isaiah had prophesied some seven centuries earlier that “he hath no form nor comeliness; and when we shall see him, there is no beauty that we should desire him.” It certainly wasn’t in His polished wardrobe or His great personal wealth, of which He had neither. It could not be from any professional training in the local synagogues because we have no evidence that He ever studied at any of them, though even in His youth He could confound superbly prepared scribes and lawyers, astonishing them with His doctrine “as one having authority.”

From that teaching in the temple to His triumphant entry into Jerusalem and this final, unjustifiable arrest, Jesus was routinely placed in difficult, often devious situations in which He was always triumphant—victories for which we have no explanation except divine DNA.

Yet down through history many have simplified, even trivialized our image of Him and His witness of who He was. They have reduced His righteousness to mere prudishness, His justice to mere anger, His mercy to mere permissiveness. We must not be guilty of such simplistic versions of Him that conveniently ignore teachings we find uncomfortable. This “dumbing down” has been true even regarding His ultimate defining virtue, His love.

During His mortal mission, Jesus taught that there were two great commandments. They have been taught in this conference and will forever be taught: “Love the Lord thy God [and] love thy neighbour as thyself.” If we are to follow the Savior faithfully in these two crucial and inex-

ng buong grupo na madestino na lang sana sila sa kusina noong gabing iyon kaysa maisugong dakpin Siya.

Ilang araw pa lang ang nakararaan, nang matagumpay Siyang nakapasok sa lungsod, “ang buong lun[g]sod ay nagkagulo,” sabi sa mga banal na kasulatan, na nagtatanong ng, “Sino ba ito?” Naiisip ko lang na ang “Sino ba ito?” ang itinatanong ngayon ng tulirong mga kawal na iyon!

Angsagotsa tanong na iyan ay hindi makikita sa Kanyang anyo, dahil ipinropesiya ni Isaia sa mga pitong siglo na ang nakararaan na “siya’y walang anyo o kagandahan man na dapat nating pagmasdan siya, at walang kagandahan na maiibigan natin sa kanya.” Tiyak na hindi iyon dahil sa Kanyang makintab na damit o Kanyang malaking personal na kayamanan, sapagkat wala naman Siya ng alinman doon. Hindi ito maaaring magmula sa anumang propesyonal na pagsasanay sa mga lokal na sinagoga dahil wala tayong katibayan na nag-aral Siya sa alinman sa mga iyon, bagama’t kahit noong kabataan Niya ay napapamangha Niya ang handang-handang mga eskriba at abugado, at ginugulat sila sa Kanyang doktrina “na tulad sa may awtoridad.”

Mula sa pagtuturong iyon sa templo hanggang sa Kanyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem at dito sa panghuli at di-makatarungang pagkadakip, paulit-ulit na nalagay si Jesus sa mahirap at kadalasa’y mapanlinlang na mga sitwasyon kung saan lagi Siyang nagtatagumpay—mga tagumpay na hindi natin maipaliwanag maliban sa banal na DNA.

Subalit sa buong kasaysayan ng mundo marami ang nagmamaliit at nagbabalewala sa paglalarawan natin sa Kanya at sa Kanyang patotoo kung sino Siya. Sinasabi nila na pakitang-tao lamang ang Kanyang kabutihan, galit lamang ang Kanyang pagiging makatarungan, pagpaparaya lamang ang Kanyang awa. Hindi tayo kailangang makonsiyensya sa gayong simpleng bersyon Niya na na nagbabalewala sa mga turo na hindi komportable sa atin. Ang “pagmamaliit” na ito ay totoo maging patungkol sa Kanyang pinakadakilang katangian, ang Kanyang pagmamahal.

Sa Kanyang mortal na misyon, itinuro ni Jesus na may dalawang dakilang kautusan. Itinuro na ang mga iyon sa kumperensyang ito at ituturo ang mga iyon magpakailanman: “Ibigini mo ang Panginoon mong Diyos [at] ibigini mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.” Kung nais nating

trically linked rules, we ought to hold firmly to what He actually said. And what He actually said was, “If ye love me, keep my commandments.” On that same evening, He said we were to “love one another; as I have loved you.”

In those scriptures, those qualifying phrases defining true, Christlike love—sometimes referred to as charity—are absolutely essential.

What do they define? How did Jesus love?

First, He loved with “all [of His] heart, might, mind and strength,” giving Him the ability to heal the deepest pain and declare the hardest reality. In short, He is one who could administer grace and insist on truth at the same time. As Lehi said in his blessing to his son Jacob, “Redemption cometh in and through the Holy Messiah; for he is full of grace and truth.” His love allows an encouraging embrace when it is needed and a bitter cup when it has to be swallowed. So we try to love—with all of our heart, might, mind, and strength—because that is the way He loves us.

The second characteristic of Jesus’s divine charity was His obedience to every word that proceeded from God’s mouth, always aligning His will and behavior with that of His Heavenly Father.

When He arrived on the Western Hemisphere following His Resurrection, Christ said to the Nephites: “Behold, I am Jesus Christ. ... I have drunk out of that bitter cup which the Father hath given me, ... in the which I have suffered the will of the Father ... from the beginning.”

Of the myriad ways He could have introduced Himself, Jesus did so by declaring His obedience to the will of the Father—never mind that not long before in His hour of greatest need, this Only Begotten Son of God had felt totally abandoned by His Father. Christ’s charity—evident in complete loyalty to divine will—persisted and continues to persist, not just through the easy and comfortable days but especially through the darkest and most difficult ones.

tapat na sundin ang Tagapagligtas sa dalawang mahalaga at hindi mapaghihiwalay na mga tuning ito, dapat nating matibay na panghawakan ang sinabi Niyatalaga. At ang sinabi Niyatalagaay, “Kung ako’y inyong minamahal ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.” Nang gabi ring iyon, sinabi Niya na “kung paanong minahal ko kayo, magmahalan din kayo sa isa’t isa.”

Sa mga talatang iyon, ang mga katagang marapat na naglalarawan sa tunay na pag-ibig na tulad ni Cristo—na kung minsa’y tinatawag na pag-ibig sa kapwa—ay lubos na mahalaga.

Ano ang inilalarawan ng mga ito? Paano nagmahal si Jesus?

Una, nagmahal Siya “nang [Kanyang] buong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas,” na nagbigay sa Kanya ng kakayahang pagalingin ang pinakamatinding pasakit at ipahayag ang katotohanang pinakamahirap tanggapin. Sa madaling salita, magagawa Niyang magbigay ng biyaya at igiit ang katotohanan nang sabay. Tulad ng sinabi ni Lehi sa kanyang basbas sa anak niyang si Jacob, “Ang pagtubos ay darating sa at sa pamamagitan ng Banal na Mesiyas; sapagkat siya ay puspos ng biyaya at katotohanan.” Ang Kanyang pag-ibig ay nagtutulot sa yakap na nagpapasigla kapag kailangan ito at sa mapait na saro kapag kailangan itong lunukin. Kaya sinisikap nating magmahal—nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas—dahil ganon Niya tayo minamahal.

Ang pangalawang katangian ng banal na pag-ibig ni Jesus ay ang Kanyang pagsunod sa bawat salitana nagmumula sa bibig ng Diyos, na laging inaayon ang Kanyang kalooban at pag-uugali sa Kanyang Ama sa Langit.

Nang dumating Siya sa Western Hemisphere kasunod ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, sinabi ni Cristo sa mga Nephita: “Masdan, ako si Jesucristo. ... Ako ay uminom sa mapait na sarong ibinigay ng Ama sa akin, ... kung saan aking binata ang kalooban ng Ama ... magbuhat pa sa simula.”

Sa napakaraming paraan na maaari sana Niyang ipakilala ang Kanyang sarili, ginawa iyon ni Jesus sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Kanyang pagsunod sa kalooban ng Ama—sa kabila ng hindi nagtagal bago sumapit ang oras ng Kanyang pinakamatinding pangangailangan, nadama ng Bugtong na Anak na ito ng Diyos na lubusan Siyang pinabayaan ng Kanyang Ama. Ang pag-ibig ni Cristo sa kapwa—na madaling maunawaan sa Kanyang ganap na katapatan sa

Jesus was “a man of sorrows,” the scriptures say. He experienced sadness, fatigue, disappointment, and excruciating loneliness. In these and in all times, Jesus’s love faileth not, and neither does His Father’s. With such mature love—the kind that exemplifies, empowers, and imparts—ours will not fail either.

So, if sometimes the harder you try, the more difficult it seems to get; if, just as you try to work on your limitations and your shortcomings, you find someone or something determined to challenge your faith; if, as you labor devotedly, you still feel moments of fear wash over you, remember that it has been so for some of the most faithful and marvelous people in every era of time. Also remember that there is a force in the universe determined to oppose every good thing you try to do.

So, through abundance as well as poverty, through private acclaim as well as public criticism, through the divine elements of the Restoration as well as the human foibles that will inevitably be part of it, we stay the course with the true Church of Christ. Why? Because as with our Redeemer, we signed on for the whole term—not ending with the first short introductory quiz but through to the final exam. The joy in this is that the Headmaster gave us all open-book answers before the course began. Furthermore, we have a host of tutors who remind us of these answers at regular stops along the way. But of course, none of this works if we keep cutting class.

“Whom seek ye?” With all our hearts we answer, “Jesus of Nazareth.” When He says, “I am he,” we bow our knee and confess with our tongue that He is the living Christ, that He alone atoned for our sins, that He was carrying us even when we thought He had abandoned us. When we stand before Him and see the wounds in His

kalooban ng Diyos—ay nanatili at patuloy na nananatili, hindi lamang sa madali at komportableng mga panahon kundi lalo na sa pinakamadilim at pinakamahirap na mga panahon.

Si Jesus ay “isang taong nagdurusa,” sabi sa mga banal na kasulatan. Nakaranas Siya ng lungkot, pagod, kabiguan, at matinding kalumbayan. Sa mga araw na iyon at sa lahat ng panahon, ang pag-ibig ni Jesus ay hindi nagkukulang, at ganoon din ang pag-ibig ng Kanyang Ama. Sa gayong ganap at tunay na pagmamahal—isang uri ng pagmamahal na matutularan, magpapalakas, mapagbigay—ang ating pagmamahal ay hindi rin magkukulang.

Kaya, kung minsan kapag mas nagsisikap kayo, parang mas mahirap matamo ang nais ninyo; kung, sa kabila ng pagsisikap ninyong punan ang inyong mga limitasyon at pagkukulang, may tao o bagay na determinadong hamunin ang inyong pananampalataya; kung, habang tapat kayong nagpupunyagi, mayroon pa ring mga sandali na nadaraig kayo ng pangamba, tandaan na ganyan din ang nangyari sa ilan sa mga taong pinakamatapat at kahanga-hanga sa bawat panahon. Tandaan din na may puwersa sa sansinukob na determinadong tutulan ang lahat ng mabuting bagay na sinisikap ninyong gawin.

Kaya, sa kasaganaan at maging sa karukhaan, sa pribadong pagpuri at maging sa hayagang pagpuna, sa pamamagitan ng mga banal na elemento ng Pagpapanumbalik at maging sa mga kahinaan ng tao na di-maiiwasang magiging bahagi nito, nananatili tayong tapat satunay na Simbahan ni Cristo. Bakit? Dahil tulad ng ating Manunubos, nangako tayong manatili sa buong kurso—na hindi nagtatapos sa unang maikling panimulang pagsusulit kundi hanggang sa huli. Ang masaya rito ay na ibinigay sa atin ng Punung-guro ang lahat ng sagot sa ating mga tanong na nasa nakabuklat na aklat bago nagsimula ang kurso. Bukod pa ryan, napakarami nating tagapagturo na laging ipinapaalala sa atin ang mga sagot na ito habang daan. Ngunit siyempre, hindi magiging epektibo ang alinman dito kung lagi tayong lumiliban.

“Sino ang inyong hinahanap?” Buong puso tayong sumasagot ng, “Si Jesus na taga-Nazaret.” Kapag sinabi Niyang, “Ako nga,” lumuluhod tayo at sinasambit ng ating bibig na Siya ang buhay na Cristo, na Siya lamang ang nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan, na tayo ay pasan Niya kahit na ang akala natin ay pinabayaan na Niya tayo.

hands and feet, we will begin to comprehend what it meant for Him to bear our sins and be acquainted with grief, to be completely obedient to the will of His Father—all out of pure love for us. To introduce others to faith, repentance, baptism, the gift of the Holy Ghost, and receiving our blessings in the house of the Lord—these are the fundamental “principles and ordinances” that ultimately reveal our love of God and neighbor and joyfully characterize the true Church of Christ.

Brothers and sisters, I testify that The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints is the vehicle God has provided for our exaltation. The gospel it teaches is true, and the priesthood legitimizing it is not derivative. I testify that Russell M. Nelson is a prophet of our God, as His predecessors were and as His successors will be. And one day that prophetic guidance will lead a generation to see our Messenger of Salvation descend like “lightning ... out of the east,” and we will exclaim, “Jesus of Nazareth.” With arms forever outstretched and love unfeigned, He will reply, “I am he.” I so promise with the apostolic power and authority of His holy name, even Jesus Christ, amen.

Kapag tumayo tayo sa Kanyang harapan at nakita natin ang mga sugat sa Kanyang mga kamay at paa, unti-unti nating mauunawaan ang naging kahulugan sa Kanyang pasanin ang ating mga kasalanan at magdalamat, ng lubusang sundin ang kalooban ng Kanyang Ama—lahat nang dahil sa dalisay na pagmamahal sa atin. Ang ituro sa iba ang panampalataya, pagsisisi, binyag, ang kaloob na Espiritu Santo, at pagtanggap ng ating mga pagpapala sa bahay ng Panginoon—ito ang mga pangunahing “alituntunin at ordenansa” na sa huli ay naghahayag ng ating pagmamahal sa Diyos at sa kapwa at may galak na nagpapakita ng katangian ng tunay na Simbahan ni Cristo.

Mga kapatid, pinatotohanan ko na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang daan na inilaan ng Diyos para sa ating kadakilaan. Ang ebanghelyong itinuturo nito ay totoo, at ang priesthood na ginagawa itong lehitimo ay hindi nanggagaling sa mundo. Pinatotohanan ko na si Russell M. Nelson ay isang propeta ng ating Diyos, tulad ng mga nuna sa kanya at tulad ng mga susunod sa kanya. At isang araw ang patnubay na iyon ng propeta ay aakay sa isang henerasyon para makitang bumaba ang ating Sugo ng Kaligtasan na tulad ng “kidlat na nanggagaling sa silangan,” at ibubulalas natin, “Si Jesus na taga-Nazaret.” Habampanahong nakaunat ang mga bisig at di-nagmamaliw ang pagmamahal, sasagot Siya ng, “Ako nga.” Ipinapangako ko ito sa kapangyarihan at awtoridad ng isang apostol sa Kanyang banal na pangalan, maging si Jesucristo, amen.